# Rotavirus na Bakuna (Rotarix®)
## Rotavirus Vaccine (Rotarix®)

**Panatilihing ligtas ang iyong anak.
Kunin ang lahat ng mga bakuna sa tamang oras.**
Sa pagkuha ng lahat ng mga bakuna sa tamang oras, ang iyong anak ay mapoprotektahan mula sa maraming sakit sa buong buhay.

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

### Ano ang rotavirus na bakuna?

Ang rotavirus na bakuna ay nakakatulong na protektahan ang mga sanggol laban sa pagtatae at pagsusuka na dulot ng rotavirus. Hindi ito pinoprotektahan laban sa pagtatae at pagsusuka na dulot ng iba pang mga virus. Ang bakuna ay naglalaman ng pinahinang anyo ng rotavirus na hindi nagdudulot ng sakit. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

Ang rotavirus na bakuna ay ibinibigay nang libre bilang bahagi ng regular na pagbabakuna ng iyong anak. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

### Sino ang dapat makakuha ng rotavirus na bakuna?

Ang rotavirus na bakuna ay ibinibigay sa mga sanggol simula sa 2 buwan ang edad. Ang mga bakuna ay ibinibigay bilang isang serye na mga 2 dosis. Ang unang dosis ay ibinibigay sa edad na 2 buwan, at ang pangalawa sa 4 na buwan. Ang rotavirus na bakuna ay ibinibigay kasabay ng iba pang mga pagbabakuna sa pagkabata.

| Rotavirus na Bakuna (Rotarix®) | Edad ng Bata sa Pagbabakuna |
|---|---|
| Unang dosis | 2 buwan |
| Pangalawang dosis | 4 na buwan |

Mahalaga na ang iyong sanggol ay nakakakuha ng rotavirus na bakuna sa oras. Ang unang dosis ng bakuna ay dapat ibigay bago sa edad na 20 linggo at ang pangalawang dosis sa edad na 8 buwan. Dalawang dosis ng bakuna ang kailangan para sa pinakamahusay na proteksyon.

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

Ang rotavirus na bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng bibig. Ang ilang patak ng likidong bakuna ay inilalagay sa bibig ng iyong sanggol upang lunukin.

Ang virus mula sa bakuna ay maaaring matagpuan sa dumi ng iyong sanggol nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga magulang at tagapagbigay-alaga ay dapat maghugas ng mga kamay nang maigi pagkatapos magpalit ng lampin.

### Ano ang mga benepisyo ng rotavirus na bakuna?

Pinipigilan ng bakuna ang higit sa 3 sa 4 na mga kaso ng rotavirus na sakit, at halos lahat ng malalang mga kaso, kabilang ang mga pagpapaospital. Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

### Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na kumuha ng bakuna kaysa makakuha ng impeksyon sa rotavirus.

Karamihan sa mga sanggol ay walang anumang reaksyon pagkatapos nilang makuha ang rotavirus na bakuna. Ang ilan ay maaaring magkaroon ng pagtatae, pagiging masungit, sakit sa tiyan, gas o makating pantal pagkatapos ng pagbabakuna.

Sa ilang bansa sa labas ng Canada, ang isang napakabihirang panganib ng intussusception (isang pagbabara ng bituka) ay nakita sa linggo pagkatapos ng unang dosis ng rotavirus na bakuna. Ang panganib ng intussusception ay humigit-kumulang 1 hanggang 2 mga kaso para sa bawat 100,000 sanggol na nabakunahan. Sa karamihan, maaari itong makaapekto sa 1 sanggol sa isang taon sa B.C. Sa paghahambing, bawat taon sa B.C. humigit-kumulang 1 sa 4,000 mga batang wala pang 1 taong gulang ang nagkakaroon ng intussusception nang hindi nakatanggap ng bakuna.

Maaaring kabilang sa mga senyales ng intussusception ang namamagang tiyan, madalas na pagsusuka, at may dugo sa dumi. Ang iyong sanggol ay maaaring mukhang mahina at iritable at magkaroon ng ilang beses ng matinding pag-iyak. Kung ang iyong sanggol ay nagpapakita ng mga palatandaang ito, dapat mong dalhin ang iyong sanggol sa pinakamalapit na departmento ng emerhensiya.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna kinakausap ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng rotavirus na bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong sanggol ay:

- Nagkaroon ng reaksyong nagbabanta sa buhay sa isang nakaraang dosis ng rotavirus na bakuna o anumang sangkap ng bakuna
- Nagkaroon ng isang huminang sistemang panlaban sa sakit dahil sa sakit o medikal na panggagamot
- May kasaysayan ang pamilya ng mahinang sistemang panlaban sa sakit
- Nagkaroon ng intussusception o may sakit sa bituka na maaaring magresulta sa intussusception

Ang mga sanggol na may katamtaman o matinding pagtatae o pagsusuka, o isang malubhang karamdaman ay hindi dapat mabakunahan hanggang sila ay gumaling mula sa kanilang sakit.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang rotavirus?

Ang rotavirus ay isang virus na nagdudulot ng gastroenteritis, kung minsan ay tinatawag na trangkaso sa tiyan. Ang rotavirus ay ang pinakakaraniwang sanhi ng pagtatae at pagpapa-ospital para sa pagtatae sa mga batang wala pang 5 taong gulang. Halos lahat ng hindi pa nabakunahan na mga bata ay magkakaroon ng hindi bababa sa 1 impeksyon ng rotavirus bago sila ay 5 taong gulang.

Ang mga unang sintomas ng impeksyon sa rotavirus ay madalas na lagnat at pagsusuka, na sinusundan ng pagtatae at sakit ng tiyan. Lumilitaw ang mga sintomas na ito 1 hanggang 3 araw pagkatapos mahawaan ng virus ang isang tao. Ang pagtatae ay maaaring tumagal mula 4 hanggang 8 mga araw. Ang mga maliliit na bata ay maaaring ma-dehydrate kung ang pagtatae o pagsusuka ay malubha at madalas mangyari. Kung hindi ito ginamot, maaaring mamatay ang bata.

Ang rotavirus ay madaling kumalat sa pamamagitan ng paghawak sa dumi ng isang nahawaang bata. Ito ay maaaring mangyari kapag humahawak ng mga lampin. Ang madalas na paghuhugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig ay ang pinakamabisang paraan upang mabawasan ang pagkalat ng rotavirus. Ang isang bata na may sakit sa pagtatae o pagsusuka ay hindi dapat pumunta sa day care o makipag-ugnayan sa ibang mga bata hanggang sa 48 oras pagkatapos tumigil ang pagtatae o pagsusuka. Para sa mga tip sa paghuhugas ng kamay, tingnan ang HealthLinkBC File #85 Paghuhugas ng Kamay: Tumulong na Pigilan ang Pagkalat ng mga Mikrobyo.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa https://immunizebc.ca.